

# Ang daan ng Krus para sa Buhay



*Nihil Obstat:*
Fr. Anton CT Pascual
*President, Veritas846*

*Imprimatur:*
H.E. Most Reverend Broderick S. Pabillo, D.D.
*Chairman, CBCP Episcopal Commission on the Laity*

*Published by:*

SANGGUNIANG LAIKO NG PILIPINAS
*Laiko Building, 372 Cabildo St.*
*Intramuros, Manila, Philippines*

*In collaboration with:*

RADIO VERITAS
*Veritas Tower 162 West Avenue, cor. EDSA*
*Quezon City*

# PANIMULA:

Ang Biyernes Santo ay paggunita sa pagpapakasakit ni Hesukristo, sa kanyang pag-aalay ng sarili para sa sang-katauhan at ang pagpaparangal sa Krus na banal. Inihahandog ng Sangguniang Laiko ng Pilipinas at ng Veritas 846 Radyo Totoo, "Ang Daan ng Krus para sa Buhay". Samahan natin si Hesus sa kanyang paglalakbay patungo sa Kalbaryo. Sabay-sabay nating pagninilayan ang mga usapin na may kaugnayan sa buhay sa ating panahon ngayon. Si Hesus ay patuloy na nagdurusa sa mga kahirapan ng ating mga kapatid ngayon. Makiisa sa pananalangin para sa kanila na nagpapahalaga sa buhay.

# PAMBUNGAD NA PANALANGIN


*Sa Ngalan ng Ama, at ng Anak at ng Espiritu Santo. Amen.*

Panginoong Hesus, pinasasalamatan ka namin sa pag-aalay mo ng iyong sarili upang tubusin kami sa aming mga kasalanan. Loobin mo nawa na, sa pamamagitan ng aming pagninilay sa Daan ng Krus, ay ganap naming maunawaan ang kadakilaan ng iyong pag-ibig sa amin. Sa tulong ng iyong biyaya, maging matatag nawa kami sa pagtalikod sa kasalanan at sa pagsunod sa halimbawa ng iyong buhay upang tahakin namin ang daan patungo sa kaharian ng Ama at makasalo rin kami sa kaluwalhatian ng iyong muling pagkabuhay.

Sa aming pagninilay sa buhay na ipinagkaloob mo sa amin, ipadala mo sa amin ang Banal na Espiritu upang mabuksan ang aming kaisipan sa kahalagahan ng bawat buhay at maisapuso namin na ito ay dapat pangalagaan, panindigan at ipagtanggol. Hinihiling namin ito sa Ama, sa pamamagitan mo, Panginoong Hesus, at sa Espiritu Santo. Amen

*Sa ngalan ng Ama, at ng Anak*
*at ng Espiritu Santo Amen.*

## UNANG ISTASYON



***Ang pagsalo ni Hesus sa huling Hapunan, kasama ng kanyang mga alagad.***

**NAMUMUNO :** Sa unang istasyon ay ating ipagdarasal ang mga maralita at mga nagugutom sa iba't-ibang panig ng mundo... *(magsiluhod ang lahat)*

**NAMUMUNO :** Sinasamba at pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

**LAHAT :** Sapagkat sa pamamagitan ng Mahal na Krus ay sinakop mo ang sanlibutan... *(tumayo ang lahat)*

**NAMUMUNO :** *(pagbasa sa Salita ng Diyos: Marcos 14: 22-24)*

...“Samantalang sila’y kumakain, dumampot ng tinapay si Hesus, at matapos magpasalamat sa Diyos ay kanyang pinagpira-piraso at ibinigay sa mga alagad. “Kunin ninyo; ito ang aking katawan,” wika niya. Hinawakan niya ang kalis, at matapos magpasalamat ay ibinigay sa kanila. At uminom silang lahat. Sinabi niya, “Ito ang aking dugo; ang dugong nagpapatibay sa tipan ng Diyos; ang dugong mabubuhos dahil sa marami.”...

**NAMUMUNO :** Inihandog sa atin ni Hesus ang kanyang buhay - katawan at dugo, upang huwag nating malimutan ang pinakadakila niyang alaala, ang Sakramento ng Banal na Eukaristiya, na simbolo ng kanyang walang hanggang pag- ibig sa atin. Sa pagkakataong ito,

alalahanin natin ang mga nagdarahop, mga nagugutom at nauuhaw lalo na sa panahon na tila wala tayong pagpapahalaga sa mga tinatanggap nating biyaya, na itinatapon natin ang sobrang pagkain sa ating hapag-kainan, ang malinis na tubig na hinahayaan nating tumapon lang. Wala sila ng lahat ng ito. Nawa ay matuto tayong magpahalaga sa lahat ng biyaya ng Diyos at ibahagi ito sa ating kapwa. Manalangin tayo na, tulad natin, makasumpong din sila ng kaginhawahan, ng pagkain na mapagsasaluhan, at ng tubig na papatid sa kanilang pagkauhaw. Maki-isa tayo sa pagsusulong ng mga adbokasiya na nagpapahalaga sa karapatan ng bawat mamamayan na magkaroon ng maayos na hanap-buhay at ng pagkain sa bawat hapag-kainan. Ipanawagan natin ang "Right to Food."

Hilingin natin sa Panginoon na maging mapagbigay tayo upang gawin niya tayong daluyan ng awa at habag para sa ating kapwa. Suportahan natin ang programang Hapag-Asa, na nagpapakain sa malnourished children...*(sandaling katahimikan upang magnilay)*

**LAHAT :** Manalangin Tayo. Panginoong Hesus, buksan mo ang aming mata upang aming makita ang mga nagugutom sa lipunan, at pukawin mo ang aming

puso upang huwag maging manhid sa kanilang pagdurusa. Tulad mo, kami nawa'y maging mistulang tinapay na inialay, pinagpala at pinaghati-hati para sa iba, lalong lalo para sa mga kapwa naming kapus-palad. Napakaraming nagugutom. Ginawa mo ang tinapay at alak bilang tanda ng iyong pag-aalay ng sarili upang kami ay mabigyan ng buhay na walang hanggan. Habang kami ay nakikinabang sa Hapag ng Eukaristiya na iyong patuloy na inihahain sa amin, bigyan mo kami ng kakayahan na tugunan ang pagkagutom ng sikmura ng iba.

**NAMUMUNO :** Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo Amen.

**LAHAT :** Kapara noong unang-una, ngayon at magpakailanman, Amen...*(awit habang lumalakad patungo sa susunod na istasyon)*

*Sa ngalan ng Ama, at ng Anak*
*at ng Espiritu Santo Amen.*

## IKALAWANG ISTASYON



***Si Hesus ay nanalangin sa halamanan ng Getsemani***

**NAMUMUNO :** Sa Ikalawang istasyon ay ating ipag-darasal ang mga nakararanas ng kawalan ng katarungan sa kanilang trabaho...*(magsiluhod ang lahat)*

**NAMUMUNO :** Sinasamba at pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

**LAHAT :** Sapagkat sa pamamagitan ng Mahal na Krus ay sinakop mo ang sanlibutan...*(tumayo ang lahat)*

**NAMUMUNO :** *(pagbasa sa Salita ng Diyos: Lucas 22:42-44)*

..."Ama," wika niya, "kung maari'y ilayo mo sa akin ang kalis na ito. Gayunma'y huwag ang kalooban ko ang masunod, kundi ang kalooban mo." Nagpakita sa kanya ang isang anghel mula sa langit at pinalakas ang loob niya. Tigib ng hapis, siya'y nanalangin nang lalong taimtim. Tumulo sa lupa ang kanyang pawis na animo'y malalaking patak ng dugo."...

**NAMUMUNO :** Sa Hardin ng Getsemani, nagpakita kay Hesus ang isang anghel mula sa langit at pinalakas ang loob niya. Tigib ng hapis, siya'y nanalangin nang lalong taimtim. Humingi tayo ng lakas ng loob sa Diyos sa pagharap sa mga pagsubok, lalo na sa ating pagganap sa araw-araw na tungkulin. Hilingin natin ang Kanyang paggabay upang maayos nating magampanan ang

paglilingkod at paghahanap-buhay. Ipanalangin din natin ang lahat ng mga mang- gagawang nakararanas ng iba't ibang uri ng pang-aabuso — pisikal, emosyonal at espiritwal — sa kani-kanilang trabaho. Ipagdasal din natin ang mga taong nagiging dahilan ng kanilang pagdurusa. Nawa'y hipuin sila ng Panginoon upang palagian nilang makita ang wangis ng Panginoon sa kanilang kapwa at maibahagi ang wagas na pag-ibig ng Diyos sa lahat ng nilikha. Makita sana ng lahat na ang mga manggagawa ay mga tao at hindi lang isang gastos sa paggawa. Maibigay sana sa mga manggagawa ang sapat na sahod upang makapamuhay sila at ang kanilang pamilya bilang mga tao. Ihingi rin natin ng tawad ang mga pagkakataon na nakasakit tayo ng mga kasama natin sa trabaho at sa mga pagkakataon na tayo ay naging makasarili. Sabay-sabay tayong mana-langin na mabigyang-pansin ng mga taga-pamahala ang suliranin ng pang-aabuso sa mga manggagawa, maiayos ang kundisyon sa kanilang trabaho at matigil ang paninikil sa mga manggagawa sa anumang anyo upang maitaguyod at mapangalagaan ang kanilang dangal...*(sandaling katahimikan upang mag- nilay)*

**NAMUMUNO :** Manalangin Tayo. Panginoong Hesus, kami ay nagsusumasamo sa'yo, pagtibayin mo ang aming diwa't katawan, kami'y bigyang lakas sa kabila ng hirap ng buhay dulot ng kawalang hustisya. Itinataas namin sa iyo ang pagal na katawan ng mga manggagawa. Ilayo mo sila sa lahat ng panganib at bigyan sila at ang kanilang pamilya ng sapat na ikabubuhay. Nawa'y hipuin mo at alisin ang aming mga pangamba upang kami ay makasunod sa'yo at makapagsabi na, "Ama, huwag ang kalooban ko ang masunod, kundi ang kalooban mo!"

**NAMUMUNO :** Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo Amen.

**LAHAT :** Kapara noong unang-una, ngayon at magpakailanman, Amen...*(awit habang lumalakad patungo sa susunod na istasyon)*

*Sa ngalan ng Ama, at ng Anak*
*at ng Espiritu Santo Amen.*

## IKATLONG ISTASYON



***Si Hesus ay hinatulan sa harap ng Sanedrin***

**NAMUMUNO :** Sa Ikatlong istasyon ay ating ipagdarasal ang kaliwanagan ng isipan ng mga mambabatas at namumuno sa pamahalaan; nawa'y isantabi nila ang mga panukalang parusa na nakamamatay... *(magsiluhod ang lahat)*

**NAMUMUNO :** Sinasamba at pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

**LAHAT :** Sapagkat sa pamamagitan ng Mahal na Krus ay sinakop mo ang sanlibutan.

**NAMUMUNO :** *(pagbasa sa Salita ng Diyos: Lucas 22:67)*

…"Sabihin mo sa amin," wika nila, "Ikaw ba ang Mesias?" Sumagot siya, "Sabihin ko man sa inyo, hindi kayo maniniwala."...

**NAMUMUNO :** Tulad ng mga itinuturing na kriminal, si Hesus ay nilitis at hinatulan sa harap ng Sanedrin. Mga kapatid, ipanalangin natin ang mga nahatulan ng kamatayan sa iba't-ibang bahagi ng mundo pati na ang kanilang pamilya. Ipagdasal natin na makita ng mga pinuno ng pamahalaan at ng mga gumagawa ng batas na ang pagkitil sa buhay ng mga sinasabing nagkasala ay hindi ang tamang tugon upang maituwid ang pagkakamali. Ang pagkitil ng buhay ay hindi pagbibigay ng katarungan sa mga biktima kundi ay madalas na isang pagbabalat-kayo lamang sa hangaring

makapaghiganti. Gayon din, dinadagdagan pa nito ang bilang ng mga biktima ng krimen. Dahil sa parusang ito, nagiging biktima rin ang pamilya ng mga naparurusahan ng kamatayan. Inako ni Hesus ang hatol sa kanya hindi upang balewalain ang kanyang buhay kundi upang lalo nating pahalagahan ang mga buhay na kanyang tinubos. Nawa'y masumpungan ng lahat, lalo na ng mga pinuno ng lahat ng bansa, ang kahalagahan at ang tunay na kahulugan ng buhay na sa kabila ng pagkakamali ninuman, siya ay kailangang bigyan ng pagkakataong magbago sa pamamagitan ng paggabay at pagmamalasakit. Ang buhay ay sagrado sapagkat ito ay mula sa Diyos at tanging ang Diyos lamang din ang may karapatang bumawi nito*...(sandaling katahimikan upang magnilay)*

**NAMUMUNO :** Manalangin Tayo. Panginoong Diyos na pinagmumulan at tagapag-bigay ng buhay, itinataas namin ang aming mga puso at mga hinaing sa Inyo. Tulungan Ninyo kami sa pagbuo ng isang lipunan na tunay na nagpapahalaga sa buhay sa lahat ng pagkakataon: para sa mga nakararanas ng sákit at hapis dahil sa karahasan at krimen; para sa aming bansa na natutuksong sumang-ayon sa marahas na paghihiganti. Tulungan Ninyo kami upang walang-tigil kaming


kumilos laban sa kamatayang ginagawang ligal ng pamahalaan. Sa aming bansa ay lumalaganap ang isang matinding hangarin na maghiganti. Maghari nawa ang tunay at hindi panandaliang katarungan. Tulungan Ninyo kaming lumikha ng kapayapaan.

**NAMUMUNO :** Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo Amen.

**LAHAT :** Kapara noong unang-una, ngayon at magpakailanman, Amen...*(awit habang lumalakad patungo sa susunod na istasyon)*

*Sa ngalan ng Ama, at ng Anak*
*at ng Espiritu Santo Amen.*

## IKA-APAT NA ISTASYON



***Si Hesus ay hinampas at pinutungan ng koronang tinik***

**NAMUMUNO:** Sa ika-apat na istasyon ay ating ipagdarasal ang mga biktima ng paghahatol sa kabila ng paggawa ng katotohanan... *(magsiluhod ang lahat)*

**NAMUMUNO:** Sinasamba at pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

**LAHAT:** Sapagkat sa pamamagitan ng Mahal na Krus ay sinakop mo ang sanlibutan.

**NAMUMUNO:** *(pagbasa sa Salita ng Diyos - Marcos 15: 17-19)*

...Sinuutan nila si Hesus ng isang balabal na purpura. Kumuha sila ng halamang matinik, ginawang korona at ipinutong sa kanya, at sila'y patuyang nagpugay at bumati sa kanya:

"Mabuhay ang hari ng mga Hudyo!"

Siya'y pinaghahampas nila ng tambo sa ulo, pinaglulurhan at palibak na niluhud-luhuran."...

**NAMUMUNO :** Kinutya si Hesus, hinampas at pinasakitan dahil sa kanyang pagpahayag na siya ay hari. Tinanggap ito ni Hesus at pinasan ang Krus. Kadalasan ay ganito rin ang karanasan ng mga taong nagsusumikap maging matapat sa pagagawa ng tama at mabuti sa lipunan. Subalit, sa kanilang pagsasabi ng

katotohanan, sila ang nahihirapan, sila ang nasasaktan, sila ang nasusugatan. Sa mga oras na ito, marami sa mga nakikipaglaban para sa nararapat at matuwid, ang mga nagwawasto ng mga mali ang dumaranas ng iba't ibang uri ng paninikil sa lipunan—pisikal, emosyonal, sosyal at espiritwal. Tulad ni Hesus, na ang ginusto lamang ay mapabuti ang sangkatauhan, subalit siya pa ang sinaktan at pinarusahan. Humingi tayo ng tawad sa Panginoon sa mga pagkakataon na naging sarado ang ating isip at puso sa pagwawasto sa ating mga kamalian. Hilingin din natin sa Diyos na buksan ang ating mga mata at pagkalooban tayo ng kalakasang pisikal at malinaw na pag-iisip upang manindigan sa tama at totoo. Tanggihan natin ang mga "false news." Ipanalangin din natin sa Diyos na hipuin ang puso at isip ng mga nasa likod ng pagdurusa ng mga nagtataguyod ng tama...*(sandaling katahimikan upang magnilay)*

**NAMUMUNO :** Manalangin Tayo. Panginoong Hesus, kami ay humihingi ng tawad lalo na sa mga panahong kami ay hindi naging tapat sa aming tungkulin, sa mga panahong kami ay nagbingi-bingihan sa pagwawasto ng aming mga kapatid, sa mga panahong kami ay naging mapagmataas. Nawa'y hilumin ninyo ang


mga nakatagong sugat upang matanggap namin ang aming mga pagkakamali at magampanang mabuti ang aming mga tungkulin ng may pagpapakumbaba. Hindi sana kami maging bahagi na pagpapalaganap ng kasinungalingan. Magkaroon sana kami ng tapang na ipahayag at ipagtanggol ang katotohanan sa kabila ng mga paninira ng iba. Gawin mong instrumento ang social communication sa pagpalaganap ng katotohanan at huwag mong ipahintulot na magamit ito sa pagpapakalat ng maling balita.

**NAMUMUNO :** Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo Amen.

**LAHAT :** Kapara noong unang-una, ngayon at magpakailanman, Amen....*(awit habang lumalakad patungo sa susunod na istasyon)*

*Sa ngalan ng Ama, at ng Anak*
*at ng Espiritu Santo Amen.*

## IKA-LIMANG ISTASYON



***Niyakap at pinasan ni Hesus ang kanyang Krus***

**NAMUMUNO :** Sa ika-limang istasyon ay ating ipagdarasal na mawala at matigil na ang kultura ng katiwalian sa bansa…*(magsiluhod ang lahat)*

**NAMUMUNO :** Sinasamba at pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

**LAHAT :** Sapagkat sa pamamagitan ng Mahal na Krus ay sinakop mo ang sanlibutan.

**NAMUMUNO :** *(pagbasa sa Salita ng Diyos : Juan 19:16-17)*

..."Kaya't si Hesus ay ibinigay sa kanila ni Pilato upang ipako sa krus. Kinuha nga nila si Hesus at lumabas siya na pasan ang kanyang krus patungo sa lugar na kung tawagi'y "Dako ng Bungo."...

**NAMUMUNO:** Sapilitang pinapasan kay Jesus ang mabigat na krus. Sa ating panahon, isa sa mga pinapasan nating krus, na dahilan ng pagkadapa ng marami sa kahirapan, ay ang corruption o katiwalian. Isang mabigat na pasanin ito na dahilan kung bakit marami ang walang makain, walang matirahan o ni walang dangal na mabuhay bilang isang tao. Ang katiwalian ang sumisilaw sa mga nasa kapangyarihan at humahadlang para matamo ng nakararami ang kanilang karapatan tulad ng karapatan sa maayos na pampublikong

pasilidad, karapatan na magkaroon ng maayos na tahanan, pati na ang karapatan na magkaroon ng pagkain sa hapag-kainan. Humingi tayo ng tawad sa Panginoon sa mga pagkakataong naging bahagi rin tayo ng katiwalian, sa malaki o sa maliit man na halaga, at sa anumang anyo. Ihingi rin natin ng patawad ang ating pagbubulag-bulagan at pag-ayon sa maling sistemang ito para sa ating pansariling interes. Kasama na ang pagbebenta ng ating boto at pananahimik para maikubli ang katotohanan. Manalangin tayo para sa kaliwanagan ng isip at puso ng mga nasa kapangyarihan, na magkaroon sila ng lakas ng loob at manindigan para sa matuwid at nararapat. Tulad ni Hesus, nawa'y makabangon din tayo sa pagkakadapa at mapag-tagumpayan ang pabigat nang pabigat na krus na ito sa ating lipunan*...(sandaling katahimikan upang magnilay)*

**NAMUMUNO :** Manalangin Tayo. Panginoong Hesus, ikaw mismo ay nadapa dahil sa bigat ng Krus ngunit hindi ka sumuko sa kabila ng hirap at sakit na dulot nito. Nawa ay matularan ka namin lalo na sa pagkaka-roon ng matatag na puso. Sana ay hindi kami mapagod sa kabila ng mga dagok sa buhay at matutunan namin


na ialay ang lahat ng ito sa Iyo. Hinihiling namin na bigyan mo ng malinaw na isipan ang mga namumuno sa aming bansa upang maging mahusay na instrumento sila ng Iyong dakilang mga kamay. Bigyan mo kami ng malalim na kamalayan sa kasamaan ng katiwalian, na nagiging mabigat na krus lalo na ng mga mahihirap. Huwag sana naming ipataw ito sa kanila; huwag sana kaming maging bahagi ng katiwalian sa aming pagwawalang-kibo o sa anumang paraan ay maging kaisa sa maling gawaing ito.

**NAMUMUNO :** Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo Amen.

**LAHAT :** Kapara noong unang-una, ngayon at magpakailanman, Amen...*(awit habang lumalakad patungo sa susunod na istasyon)*

*Sa ngalan ng Ama, at ng Anak*
*at ng Espiritu Santo Amen.*

## IKA-ANIM NA ISTASYON



***Nadapa si Hesus sa ilalim ng Krus***

**NAMUMUNO :** Sa ika-anim na istasyon ay ating ipanalangin ang mga taong nawawalan na ng pag-asa at nadi-depressed ...*(magsiluhod ang lahat)*

**NAMUMUNO :** Sinasamba at pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

**LAHAT :** Sapagkat sa pamamagitan ng Mahal na Krus ay sinakop mo ang sanlibutan.

**NAMUMUNO :** *(pagbasa sa Salita ng Diyos : Isaias 53:5-7)*

...“Ngunit dahil sa ating mga kasalanan kaya siya nasugatan; siya ay binugbog dahil sa ating kasamaan.

Tayo ay gumaling dahil sa pahirap na dinanas niya at sa mga hampas na kanyang tinanggap.”

...”Tayong lahat ay tulad ng mga tupang naliligaw; nagkanya-kanya tayo ng lakad. Ngunit ipinataw ni Yahweh sa kanya ang kaparusahang tayo ang dapat tumanggap.”

...“Siya ay binugbog at pinahirapan, ngunit hindi kumibo kahit isang salita; tulad ay tupang nakatakdang patayin, parang korderong hindi tumututol kahit na gupitan, at hindi umiimik kahit kaunti man.”

**NAMUMUNO:** Ipinatong kay Jesus ang mabigat na krus. Buong gabi si Jesus na walang pahinga at pinagpapalo pa siya ng mga kawal. Talagang mahina na siya. Hindi lang siya nabigatan sa kahoy na krus. Nabibigatan din siya ng ating mga kasamaan na dala-dala niya. Kaya siya ay bumagsak. Marami rin ang mga tao ngayon na may mabibigat na pasanin sa buhay. May mga nadadapa na at nahuhulog na sa kawalang pag-asa. Ang iba nga ay depressed na. Si Hesus ay nakatayo pa rin pagkatapos na madapa. Ipagdasal natin na mabigyan ng ibayong lakas ang mga nadadapa sa buhay at makatayo pa rin sana sila. Ipagdasal din natin na tayo rin ay maging sensitibo sa mga tao na depressed at nawawalan ng pag-asa. Makatulong nawa tayo sa kanila at mabigyan sila ng pag-asa.... *(Sandaling katahimikan upang magnilay.)*

**NAMUMUNO:** Manalangin tayo. Hesus nagpapasalamat kami sa iyong lakas loob na tumayo sa pagkadapa mo dahil sa bigat ng aming kasamaan. Ang pagiging masunurin mo sa Ama at ang iyong pag-ibig sa amin ang nagbigay sa iyo ng lakas upang ipagpatuloy ang iyong paglalakbay patungo sa Kalbaryo. Ipinagdarasal natin ang mga kapatid na dahil sa


bigat na kanilang dinadala sa buhay ay nakadapa na at nawawalan ng pag-asa. Marami ay nadi-depressed na. Palakasin mo sila ng iyong grasya. Bigyan mo sila ng mga taong tutulong sa kanila at magbibigay sa kanila ng pag-asa at pag-ibig. Bigyan mo rin kami ng mga pusong maunawain sa mga kasama namin na nahihirapan at nawawalan na ng pag-asa.

**NAMUMUNO :** Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo Amen.

**LAHAT :** Kapara noong unang-una, ngayon at mag-pakailanman, Amen... *(Awit habang lumalakad patungo sa susunod na istasyon)*

*Sa ngalan ng Ama, at ng Anak*
*at ng Espiritu Santo Amen.*

## IKA-PITONG ISTASYON



***Si Hesus ay tinulungan ni Simon Sireneo***

**NAMUMUNO :** Sa ika-pitong istasyon ay ating ipanalangin ang pagpapahalaga ng lahat para sa Inang Kalikasan *...(magsiluhod ang lahat)*

**NAMUMUNO :** Sinasamba at pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

**LAHAT :** Sapagkat sa pamamagitan ng Mahal na Krus ay sinakop mo ang sanlibutan.

**NAMUMUNO :** *(pagbasa sa Salita ng Diyos : Marcos 15:21)*

..."Nasalubong nila ang isang lalaking galing sa bukid, si Simon na taga Cirene, ama nina Alejandro at Rufo.

Pilit nilang ipinapasan sa kanya ang krus ni Hesus."...

**NAMUMUNO :** Pinasan ni Simon ang Krus ni Hesus. Sa pagkakataong ito, humingi tayo ng biyaya ng pasasalamat sa Panginoon upang matutong pahalagahan ang mga instrumento ng kanyang pag-ibig. Kasama rito ang kalikasan, na bumubuhay sa atin at nagkakaloob ng makakain. Si Simon, na nagbigay ng kapahingahan kay Hesus, ay maihahambing sa ating mga likas na yaman, na kung pinangalagaan lamang ay makagagaan sana ng ating pakiramdam – ang sariwang hangin, na ngayon ay puno na ng polusyon,

ang magagandang tanawin, na ngayon ay natatakpan ng mga nagtataasang mga gusali, at ang kaaya-ayang kapaligiran na ngayon ay halos wala nang puno at sa halip ay puno ng tambak ng basura. Hingin din natin ang kanyang kapatawaran sa madalas nating pag-wawalang-bahala at pag-abuso sa likas na yaman at pagpapabaya sa kapaligiran. Ipanalangin din natin na nawa'y maisapuso ang pagpapahalaga sa kalikasan, na unti-unting nasisira dahil na rin sa kapabayaan at dahil sa minsan ay mapagmalabis nating lifestyles. Labanan natin ang throw-away culture na dala ng konsumirismo. Ramdam na ramdam na natin ang mga pagkasirang ito sa nangyayaring pagbabago ng klima at ang nagiging madalas na labis na pag-ulan at matinding mga tagtuyot. Ipanalangin din natin sa Diyos na ipag-adya tayo sa lahat ng uri ng kalamidad...
*(Sandaling katahimikan upang magnilay)*

**NAMUMUNO :** Manalangin Tayo. Mapagmahal naming Diyos, pinupuri ka namin sa Iyong mga kahanga-hangang nilikha; ang kagandahan ng kalikasan sa mundo ay nagbibigay ng bagong lakas sa amin. Kami po ay dumudulog sa Iyong butihing puso upang pag-kalooban kami ng liwanag ng pasya at isipan. Kami

nawa'y matutong mangalaga at huwag sirain ang Iyong likhang kalikasan. Huwag nawa kaming malinlang ng kakarampot na halaga o pansamantalang hanap-buhay kung ang magiging kapalit ay magdudulot ng malaking pinsala, sakit na walang lunas at higit sa lahat ng kamatayan sa mga taong maliliit, na magiging biktima ng mga naging gahaman sa kikitaing salapi at sa mapandayang alok ng tinatawag na kaunlaran. Huwag sana naming ipagpalit ang Inang Kalikasan sa halaga lamang ng pera. Bigyan Mo kami ng lakas, tapang at tibay ng kalooban upang ganap naming mapangalagaan ang kalikasan at kapaligiran. Nawa'y aming maipagtanggol ang mundo sa mga mapagsamantala at mga mapanlinlang at patuloy kaming magkaisa para itaguyod ang kapakanang panlahat at ang kaganapan ng buhay.

**NAMUMUNO :** Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo Amen.

**LAHAT :** Kapara noong unang-una, ngayon at mag-pakailanman, Amen... *(Awit habang lumalakad patungo sa susunod na istasyon)*

*Sa ngalan ng Ama, at ng Anak*
*at ng Espiritu Santo Amen.*

## IKA-WALONG ISTASYON



***Nasalubong ni Hesus ang mga babaeng taga-Herusalem***

**NAMUMUNO :** Sa ika-walong istasyon ay ating ipanalangin ang mga biktima ng pang-aabuso sa tahanan at ang

pagkaka-roon ng maayos na relasyon sa bawat pamilya... *(magsiluhod ang lahat)*

**NAMUMUNO :** Sinasamba at pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

**LAHAT :** Sapagkat sa pamamagitan ng Mahal na Krus ay sinakop mo ang sanlibutan.

**NAMUMUNO :** *(pagbasa sa Salita ng Diyos : Lukas 23: 27-28)*

..."Sinusundan si Hesus ng maraming tao, kabilang ang mga babaing nananaghoy at nananambitan dahil sa kanya. Nilingon sila ni Hesus at sinabi sa kanila,

"Mga kababaihan ng Herusalem, huwag ninyo akong tangisan. Ang tangisan ninyo'y ang inyong sarili at ang inyong mga anak."...

**NAMUMUNO :** Sinabi ni Hesus: "Mga kababaihan ng Herusalem, huwag ninyo akong tangisan. Ang tangisan ninyo'y ang inyong mga sarili at ang inyong mga anak." Tila ang mga salitang ito ni Hesus ay akmang-

akma sa kasalukuyang panahon na madalas nananangis ang mga babae dahil sa nangyayaring pang-aabuso sa kanila at sa kanilang mga anak. At ang mas nakalulungkot, ang mga hinagpis na ito ng mga kababaihan ay nangyayari mismo sa loob ng kanilang sariling tahanan tahanan, na hindi ba dapat ay ang bukal ng pag-iibigan? Mula sa tinatawag nating tahanan, dito natin unang natututunan ang pagpapahalaga. Dito tayo nahuhubog habang lumalaki. Sa isang maayos na tahanan, lumaki tayong mabuting tao para sa lipunan. Subalit paano kung ang tahanan ay hindi pinagbubukalan ng pagmamahalan? Paano kung, sa halip na pag-aaruga, dito nasaksihan ng bata ang palaging pagtangis ng kanyang ina, na maaaring dumaranas ng pananakit mula sa iba pang miyembro ng pamilya? Paano kung sa pook na ito, kung saan ang mga musmos ay dapat alagaan, ay doon pa nakaranas ng pagmamalupit at sekswal, pisikal o verbal na pang-aabuso? Paano mahuhubog ang isang tao sa ganitong uri ng tahanan upang maging mabuting taong may malasakit sa lipunan? Alalahanin natin ngayon ang mga kababaihan at mga kabataang dumaranas ng pang-aabuso, ng pananakit, at ng kawalang paggalang at pagpapahalaga sa kani-kanilang mga tahanan. Nawa ay liwanagan ng

Panginoon ang mga taong nagiging dahilan ng kanilang pagdadalamhati, na sa halip na pananakit, sila ay makaramdam ng pagmamahal. Humingi rin tayo ng tawad sa Diyos sa mga panahon na naging dahilan tayo ng pagtangis ng mga kasama natin sa tahanan... *(sandaling katahimikan upang magnilay)*

**NAMUMUNO :** Manalangin Tayo. Panginoong Hesus, na lumaki sa piling ng isang mapag-arugang pamilya, pagtibayin mo ang pagmamahalan sa loob ng aming mga tahanan, pawiin mo ang hinagpis na dulot ng pang-aabuso. Hubugin mo ang bawat isa sa amin at turuan mo kaming magmahal tulad ng pagmamahal mo sa amin. Baguhin mo ang pag-uugali, na nagdadala ng lungkot at takot sa mga kasamahan sa tahanan. Nawa'y ang iyong kapayapaan ang laging manatili sa bawat tahanan at ang iyong pagmamahal ang magbuklod sa amin bilang isang pamilya.

**NAMUMUNO :** Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo Amen.

**LAHAT :** Kapara noong unang-una, ngayon at magpakailanman, Amen...*(awit habang lumalakad patungo sa susunod na istasyon)*

*Sa ngalan ng Ama, at ng Anak*
*at ng Espiritu Santo Amen.*

## IKA-SIYAM NA ISTASYON



***Si Hesus ay hinubaran at ipinako sa krus***

**NAMUMUNO :** Sa ika-siyam na istasyon ay ating ipanalangin ang mga sangkot sa ipinagbabawal na gamot at iba pang bisyo... *(magsiluhod ang lahat)*

**NAMUMUNO :** Sinasamba at pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

**LAHAT :** Sapagkat sa pamamagitan ng Mahal na Krus ay sinakop mo ang sanlibutan.

**NAMUMUNO :** *(pagbasa sa Salita ng Diyos : Marcos 15:24 - 27 )*

..."Ipinako siya sa krus, at nagsapalaran sila upang malaman kung alin sa kanyang mga damit ang mapupunta sa bawat isa. Ika-siyam ng umaga nang ipako nila sa krus si Hesus. Sa itaas ng krus isinulat ang sakdal laban sa kanya, "Ang Hari ng mga Judio." Dalawang tulisan ang kasabay niyang ipinako sa krus, isa sa kanan niya at isa sa kaliwa."...

**NAMUMUNO :** Si Hesus ay ipinako sa krus matapos siyang hubaran. Sa ating panahon, ang pagkagumon sa iba't ibang bisyo, kabilang ang ipinagbabawal na gamot, ay tila mga krus na pinagpapakuan ng marami sa atin o marahil ng isa sa ating mahal sa buhay. Sa pagkagumon sa bisyo, tila ipinapako natin ang ating sarili sa krus, hindi na makagalaw, hindi na makaalis,

walang magawa kundi hayaan na lang ang sarili na unti-unting matabunan ng kadiliman ng adiksyon. Unti-unti nating sinisira ang ating buhay, at gayon din sinasaktan ang mga nagmamahal sa atin. Alalahanin natin sa istasyon na ito ang mga nagugumon sa bisyo at mga adiksyon – sa alak, sa sugal, sa pornograpiya, lalo na sa ipinagbabawal na gamot. Nawa'y makadama sila ng pang-unawa at pagmamahal sa mga taong nakapaligid sa kanila upang sila ay maakay tungo sa maayos na landas. Kasabay ng tila pagkakapako sa krus ng mga tinatawag nating 'addict' ang kanilang mga pamilya. Hirap din ang mga pamilya na umahon dahil sa kanila. Humingi rin tayo ng biyaya ng pang-unawa at pagpapatawad mula sa Panginoon. Nawa'y maging bukas ang ating lipunan sa pagtanggap sa mga nagbabago at nagpapasyang tumalikod sa mga masamang bisyo. Buksan nawa ang kaisipan ng mga namumuno sa atin na ang pagkatao ng bawat tao ay hindi nawawala dahil sa kanyang pagkagumon sa bisyo.... *(sandaling katahimikan upang magnilay)*

**NAMUMUNO :** Manalangin Tayo. Panginoong Hesus, ang liwanag na pumapawi sa kadiliman ng kasalanan at paghihirap, hanguin mo ang bawat isa sa amin mula


sa pagkakalugmok lalo na ang aming mga kapatid na nalulong sa ipinagbabawal na gamot at iba pang bisyo. Nawa'y ibalik mong muli ang sigla ng aming buhay, pag-alabin muli ang init ng aming pananampalataya, at imulat mo ang aming mga mata sa ganda ng iyong nilikha at sa buhay na iyong handog. Itanim mo sa amin ang iyong Banal na Espiritu para magabayan kami na tulungan ang mga nangangailangan. Tulungan mo nawang makabangon sa pagkakalugmok ang mga lulong sa bisyo at ipadama mo sa kanila ang pagmamahal ng lipunan sa halip na marahas na kamatayan.

**NAMUMUNO :** Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo Amen.

**LAHAT :** Kapara noong unang-una, ngayon at magpakailanman, Amen... *(awit habang lumalakad patungo sa susunod na istasyon)*

*Sa ngalan ng Ama, at ng Anak*
*at ng Espiritu Santo Amen.*

## IKA-SAMPUNG ISTASYON




***Pinatawad ni Hesus ang magnanakaw***

Sa ika-sampung istasyon ay ating ipagdarasal ang mga naging biktima ng pagsasamantala at panghahalay... *(magsiluhod ang lahat)*

**NAMUMUNO :** Sinasamba at pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

**LAHAT :** Sapagkat sa pamamagitan ng Mahal na Krus ay sinakop mo ang sanlibutan.

**NAMUMUNO :** *( pagbasa sa Salita ng Diyos : Lucas 23:32;39;40;41-43)*

…"May dinala pa silang dalawang salarin upang pataying kasama ni Hesus… Tinuya siya ng isa sa mga salaring nakabitin, at ang sabi, "Hindi ba ikaw ang Mesias? Iligtas mo ang iyong sarili, pati na kami!" Ngunit pinagsabihan siya ng kasama, "Hindi ka ba natatakot sa Diyos? Ikaw ma'y pinarurusahang tulad niya! Matuwid lamang na tayo'y parusahan nang ganito dahil sa ating mga ginawa; ngunit ang taong ito'y walang ginawang masama." At sinabi niya, "Hesus, alalahanin mo ako kapag naghari ka na." Sumagot si Hesus, "Sinasabi ko sa iyo: ngayon di'y isasama kita sa Paraiso."...

**NAMUMUNO :** Pinatawad ni Hesus ang magnanakaw. Mula pa noong unang panahon mayroon nang mga taong natukso na kunin ang bagay na hindi sa kanila. Hanggang sa ating panahon, nanatili ang kahinaang

ito ng tao. Mayroong mga magnanakaw na ginagawa ang pang-uumit sa iba't ibang anyo, mayroong mga kumukuha ng materyal na bagay, impormasyon, karapatan at mayroon ding nagnanakaw ng puri at dangal. Ito ang tinatawag na rape. At totoong hindi madali ang magpatawad lalo na kapag ikaw ay ninakawan ng isang bagay na hindi na sa iyo maibabalik. Marami ang mga kababaihang marahas na nikawan ng kanilang dangal. Mayroon tayong mga batas na magpaparusa at magbibigay ng katarungan. Ngunit higit sa lahat, nariyan ang Diyos, na nakakakita ng lahat ng nangyayari at makapagbibigay ng ganap at totoong katarungan. Bilang pagsunod sa landas ni Hesus, kahit mahirap, tayo ay nagpapatawad. Ang pagpapatawad ay mas nakakatulong sa nagpapatawad kaysa pinapatawad. Ito ay nagdadala ng kagalingan sa nasaktan. Ipanalangin natin ang mga biktima ng rape, na makamtan ang katarungan, at maipagpatuloy ang kanilang buhay sa tulong ng Simbahan at ng maraming taong nagmamahal sa kanila. Ipagdasal din natin ang mga nakagawa ng krimeng ito, na magbalik-loob sa Panginoon at pagsisihan ang kanilang kasalanan habang pinagsisilbihan ang kaparusahan mula sa batas ng tao... *(sandaling katahimikan upang magnilay)*


**NAMUMUNO :** Manalangin tayo. Panginoong Hesus, ang maawaing manghuhukom, turuan mo ang aming mga puso na magpatawad. Likhain mong muli ang aming pagkatao nang sa gayon ay maging maawain rin kami tulad mo. Isinasamo rin namin sa iyo ang mga biktima ng karahasan, nawa'y makamtan na nila ang katarungang kanilang inaasam at makabangon muli mula sa masalimuot na karanasan. Tulad din ng isang magnanakaw sa ebanghelyo, bigyan mo rin kami ng biyayang makita at matanggap ang paghahari mo sa amin kahit na kami ay makasalanan. Nawa ay marinig din namin na kami ay makakasama mo sa paraiso.

**NAMUMUNO :** Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo Amen.

**LAHAT :** Kapara noong unang-una, ngayon at magpakailanman, Amen... *(awit habang lumalakad patungo sa susunod na istasyon)*

*Sa ngalan ng Ama, at ng Anak*
*at ng Espiritu Santo Amen.*

## IKA-LABING ISANG ISTASYON




***Si Maria at Juan sa paanan ng Krus***

**NAMUMUNO :** Sa ika-labing isang istasyon ay ating ipagdarasal ang mga pinabayaang mga bata at ang mga sanggol biktima ng aborsyon... *(magsiluhod ang lahat)*

**NAMUMUNO :** Sinasamba at pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

**LAHAT :** Sapagkat sa pamamagitan ng Mahal na Krus ay sinakop mo ang sanlibutan.

**NAMUMUNO :** *(pagbasa sa Salita ng Diyos : Juan 19:26-27)*

..."Nang makita ni Hesus ang kanyang ina, at ang minamahal niyang alagad sa tabi nito, kanyang sinabi, "Ginang, narito ang iyong anak!" At sinabi sa alagad, "Narito ang iyong ina!" Mula noon, siya'y pinatira ng alagad na ito sa kanyang bahay."...

**NAMUMUNO :** Habang nakabayubay si Hesus na nakapako sa krus, at nasa kanyang paanan si Maria at Juan, inihabilin niya ang kanyang ina sa kanyang alagad. Inihabilin para matiyak na magiging maayos ang kalagayan nito sa kanyang pagkawala. Ito ay tanda ng pagmamahal, ang paghahangad ng mabuting kalagayan para sa minamahal. Alalahanin natin ang mga batang iniwan ng kanilang mga magulang. Alalahanin din natin ang mga batang ni hindi nabigyan ng pagkakataong

masilayan ang mundo dahil sa aborsyon. Samantalang marami ang gustong mag-kaanak, pero hindi naman pinalad, mayroon namang mga nagka-anak subalit tinaboy ang kanilang mga supling. Ipanalangin natin ang mga batang inabandona, ang mga batang iniwan kung kani-kanino at kung saan-saan. Nawa ay makasumpong sila ng mga pamilyang mag-aaruga at magpapadama sa kanila ng pagmamahal na hindi nila natanggap sa kanilang mga magulang. Ipagdasal din natin ang mga batang biktima ng aborsyon. Makadama nawa sila ng tunay na pag-ibig at kapayapaan sa piling ng Lumikha. At sa huli, ipanalangin natin ang mga magulang ng mga batang ito, na sana'y mapagsisihan ang kanilang nagawa, ang hindi nila pagpapahalaga sa regalo ng buhay na ipinagkatiwala sa kanila ng Diyos. Tanggapin nawa nila ang kapatawaran mula sa Diyos at mabigyan din nila ng kapatawaran ang kanilang sarili. Ipagdasal din natin ang mga pamilya at mga babaeng nasa mahigpit na kalagayan na nag-iisip na ipalaglag ang sanggol sa kanilang sinapupunan. Magtagumpay nawa ang takot sa Diyos at mabigyan sila ng mga taong makatutulong at gagabay sa kanila... *(sandaling katahimikan upang magnilay)*


**NAMUMUNO :** Manalangin tayo. O Mahal na Inang Maria, na ang pagmamahal sa Panginoong Hesus ay walang kagaya, tulungan mo kaming mapalapit sa iyong Mahal na Anak. Nawa'y turuan mo kaming maging matatag tulad mo noong nakabayubay ang Panginoong Hesus sa krus. Huwag ninyo po kaming pabayaan lalo na ang mga batang inabandona, sa halip nawa'y ipadama mo sa amin ang init ng iyong mapag- kalingang yakap. Ibuhos ang iyong maka-inang pagmamahal sa mga nanay na tinutukso at sinusubok ng buhay. Manaig sana ang kanilang pag-mamahal sa kanilang anak at ang kanilang tiwala sa Amang mapagkalinga.

**NAMUMUNO :** Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo Amen.

**LAHAT :** Kapara noong unang-una, ngayon at mag-pakailanman, Amen... *(awit habang lumalakad pa-tungo sa susunod na istasyon)*

*Sa ngalan ng Ama, at ng Anak*
*at ng Espiritu Santo Amen.*

## IKA-LABINDALAWANG ISTASYON




**Si Hesus ay namatay**

**NAMUMUNO :** Sa ika-labindalawang istasyon ay ating ipag- darasal ang mga naging biktima ng pagpaslang at karahasan at ang sigaw ng katarungan ng kanilang pamilya... *(magsiluhod ang lahat)*

**NAMUMUNO :** Sinasamba at pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

**LAHAT :** Sapagkat sa pamamagitan ng Mahal na Krus ay sinakop mo ang mundo.

**NAMUMUNO :** *(pagbasa sa Salita ng Diyos : Juan 19:29-30)*

...”May isang mangkok doon na puno ng maasim na alak. Itinubog nila rito ang isang espongha. Ikinabit sa sanga ng isopo at idinikit sa kanyang bibig. Nang masipsip ni Hesus ang alak ay kanyang sinabi, “Naganap na!” Iniyukayok niya ang kanyang ulo at nalagot ang kanyang hininga.”...

**NAMUMUNO:** Nalagutan na nga ng hininga si Hesus sa kanyang pagkapako sa Krus. Tulad ng isang kriminal, siya ay pinatay sa pamamagitan ng dahas. Duguan at wala nang buhay. Maraming tao din ngayon na sinasabing mga kriminal at masamang tao ang pinapatay, mga biktima ng extra-judicial killings. Hindi hangad ng Diyos na tugunan ang mali ng isa pang pagkakamali. Maaaring ang ilan sa kanila ay totoong may

sala, ngunit hindi iyon sapat na dahilan upang sila ay pagkaitan ng pagkakataong makahingi ng tawad at magbagong buhay. Paano naman kaya ang kanilang mga pamilya, ang kanilang asawa, ang kanilang mga anak, at ang kanilang mga magulang? Anong kinabukasan ang naghihintay sa mga ito? Sila na pinaranas ng dahas bilang kabayaran sa pagkakamali o maaaring naparatangan lang? Paano naman kaya ang kanilang mga ina? Ano kaya ang nararamdaman ng mga ito, na pagkatapos nilang arugain at palakihin ang kanilang mga anak, dahil nagkamali ay pinarusahan ng kamatayan, ng walang makatarungang proseso at ng pagkakataon na makapagbagong buhay? Ipanalangin natin ang mga biktima ng extra-judicial killings, ang mga ninakawan ng buhay: makasumpong nawa ng kapayapaan at kapatawaran ang kanilang mga kaluluwa sa piling ng Diyos. Ipagdasal din natin ang kanilang mga pamilya: biyayaan sila ng Panginoon ng lakas upang malagpasan ang pagsubok na ito at maipagpatuloy ang kanilang buhay. Ang mga nasa likod naman ng extra-judicial killings, hipuin din nawa sila ng Diyos para madaluyan ng kanyang habag at awa upang wakasan nila ang gawaing ito, na malinaw na pagsuway sa ika-limang utos ng Diyos - huwag kang papatay!... *(sandaling katahimikan upang magnilay)*


**NAMUMUNO :** Manalangin Tayo. Panginoon, tulungan Ninyo kaming lumikha ng kapayapaan sa lipunan para magkaroon ng paninindigang kilalanin at itaguyod ang dangal ng lahat ng mga tao. Banal na Espiritu, Panginoon na tagapagbigay ng Buhay, pagkalooban Ninyo kami ng lakas para maipaglaban ang katarungan. Gayundin naman, tulungan Ninyo kaming baguhin ang lipunan sa pagkakaroon ng katotohanan, katarungan, pag-ibig at paggalang ng karapatan at buhay upang matigil na ang karahasan at manaig ang kapayapaan. Bigyan Ninyo ng kaliwanagan ang isipan ng mga gumagawa ng masama na sila ay magkaroon ng habag at maging daan upang maibsan ang pagdurusa ng mga biktima ng karahasan. Gabayan mo ang mga alagad ng batas upang sila rin ay gumalang at sumunod sa batas na kanilang ipinatutupad . Ipinagdarasal din namin ang mga pamilya ng mga nabiktima ng mga drug addict at mga kriminal pati na ang mga pamilya ng mga biktima ng extra-judicial killings. Palakasin mo ang kanilang loob at gabayan mo sila na malampasan ang mga mabibigat na karanasang ito. Kaming iyong sambayanan ay bigyan mo rin nawa ng paninindigan na labanan ang kaisipan at gawaing labag sa ika-limang utos na huwag papatay.

**NAMUMUNO :** Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo Amen.

**LAHAT :** Kapara noong unang-una, ngayon at mag-pakailanman, Amen.... *(awit habang lumalakad patungo sa susunod na istasyon)*

*Sa ngalan ng Ama, at ng Anak
at ng Espiritu Santo Amen.*

## IKA-LABING TATLONG ISTASYON



***Si Hesus ay inihimlay***

**NAMUMUNO:** Sa ika-labing tatlong istasyon ay ating ipagdarasal ang mga walang tirahan at matutuluyan... *(magsiluhod ang lahat)*

**NAMUMUNO :** Sinasamba at pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

**LAHAT :** Sapagkat sa pamamagitan ng Mahal na Krus ay sinakop mo ang sanlibutan.

**NAMUMUNO :** *(pagbasa sa Salita ng Diyos : Juan 19:38 - 40; 42)*

..."Pagkatapos nito, si Jose na taga-Arimatea ay nagsadya kay Pilato upang humingi ng pahintulot na makuha ang bangkay ni Hesus. At pinahintulutan siya ni Pilato; kaya't kinuha ni Jose ang bangkay ni Hesus. Sumama sa kanya si Nicodemo, may dalang pabango mga 100 libra ng pinaghalong mira at aloe. Kinuha nila ang bangkay ni Hesus, at nilagyan ng pabango habang binabalot sa kayong lino, ayon sa kaugalian ng mga Judio... Yamang noo'y araw ng Paghahanda ng mga Judio, at dahil sa malapit naman ang libingang ito, doon nila inilibing si Hesus."...

**NAMUMUNO :** Si Hesus ay inihimlay at inihatid sa kanyang libingan. May kanya-kanya tayong dapat kalagyan, dapat pagpahingahan. Ang mga labi ng mga

yumao nating mahal sa buhay, inilalagay sa maayos na libingan. Nakalulungkot na katotohanan na marami sa mga buhay ang walang maayos na mapagpahingahan dahil wala silang tahanan. Walang maayos na hapag-kainan, walang palikuran, at walang matulugan. Ipanalangin natin na nawa'y mapagtuunan ng pansin ng mga nasa kapangyarihan ang kaawa-awang kalagayan ng mga taong palaboy at walang matuluyan. Marami rin na may maliliit na tirahan at nakararanas ng demolisyon ang wala namang mapaglilipatan, o di kaya ay pinipilit na lumipat sa mga lugar na malalayo sa kanilang trabaho at walang sapat na tubig at kuryente. Malaking suliranin ang pabahay sa ating bansa at ito'y hindi sapat na natutugunan. Sa mga kasapi ng Simbahan, nawa'y magsumikap din tayo na isabuhay ang ating pananampalataya sa pamamagitan ng pagtulong sa kapwa. Patuloy din nawang makalikom ng sapat na pondo para sa mga proyekto na makapagbibigay sa marami ng maayos na tirahan. Panindigan din natin ang karapatan ng lahat sa sapat at maayos na pabahay...*(sandaling katahimikan upang magnilay)*

**NAMUMUNO :** Manalangin Tayo. Panginoong Hesus, ang Mabuting Pastol, huwag Ninyo po sanang pabayaan

ang mga taong walang tirahan, nasalanta ng iba't ibang sakuna, at mga taong naghihirap dahil sa kawalan ng maayos na tirahan. Hipuin mo ang puso ng mga namumuno sa aming bansa upang mamulat ang kanilang mga mata at mapagtuunan ng pansin ang mga taong naghihikaos sa buhay. Tulungan mo nawa ang mga lubhang nangangailangan at gawin mo kaming mabubuting instrumento ng iyong pag-mamahal at pag- aaruga sa aming kapwa. Buksan mo ang aming mga bibig na manindigan sa karapatan ng maayos na pabahay para sa lahat.

**NAMUMUNO :** Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo Amen.

**LAHAT :** Kapara noong unang-una, ngayon at mag-pakailanman, Amen...*(awit habang lumalakad patungo sa susunod na istasyon)*

*Sa ngalan ng Ama, at ng Anak*
*at ng Espiritu Santo Amen.*

## IKA-LABING APAT NA ISTASYON



***Ang muling pagkabuhay ni Hesus***

**NAMUMUNO :** Sa ika-labing apat na istasyon ay ating ipanalangin ang pagkakaroon ng maayos at makabuluhang usapang pangkapayapaan... *(magsiluhod ang lahat)*

**NAMUMUNO :** Sinasamba at pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

**LAHAT :** Sapagkat sa pamamagitan ng Mahal na Krus ay sinakop mo ang sanlibutan.

**NAMUMUNO :** *(pagbasa sa Salita ng Diyos : Mateo 28:5-7)*

..."Ngunit sinabi nito sa mga babae, "Huwag kayong matakot. Alam kong hinahanap ninyo si Hesus na ipinako sa krus. Wala siya rito, sapagka't siya'y muling nabuhay tulad ng kanyang sinabi. Halikayo, tingnan ninyo ang pinaglagyan sa kanya. Lumakad na kayo at ibalita sa kanyang mga alagad na siya'y muling nabuhay at mauuna sa Galilea. Makikita ninyo siya roon! Tandaan ninyo ang sinabi ko sa inyo."...

**NAMUMUNO :** Sa muling pagkabuhay ni Hesus, ang dala niya ay ang bagong buhay at ang bagong pag-asa. Sa kanyang pagkabuhay hatid niya ay kapayapaan sa mga alagad na noon ay puno ng takot at pangamba dahil sa mga umuusig sa kanila. Alam ng Panginoon na ang kapayapaan ay napakahalaga upang ang kanyang mga alagad ay makapagpatuloy

sa kanilang buhay sa kabila ng mga pagsubok. Kung kaya kapayapaan ang kanyang palaging pagbati sa kanila. Kung paano ang kapayapaan ay ang dala ng muling pagkabuhay, nawa'y patuloy pa tayong magsumikap at huwag mawalan ng pag-asa na makakamtan ang hinahangad na kapayapaan sa pagitan ng iba't ibang partido, idolohiya, paniniwala at pananampalataya sa mundo. Patuloy nawang maging bukas ang isip at puso ng bawat isa upang tanggapin at unawain ang kani-kanilang pagkakaiba. Iba man ang mga paniniwalang pinanghahawakan, maaari pa rin maghari ang kapayapaan. Magpatuloy nawa ang mga paguusap at dayalogo upang mas magkaroon ng pagkakaunawaan, kaayusan at kapayapaan. Ipanalangin natin ang tagumpay ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng pamahalaan at ng mga kilusang armado. Ang lahat ay maghangad nawa ng pangmatagalang kapayapaan sa ating bansa at gayon din sa buong mundo. Iligtas din nawa tayo sa terorismo. Mabago nawa ang mga sumusulong nito at maunawaan nila na ang terorismo ay nagdadala lang ng kamatayan at kabiguan sa lahat...*(sandaling katahimikan upang magnilay)*

**NAMUMUNO :** Manalangin tayo. O Panginoong Hesus, pinupuri at dinarangal ka namin sa iyong muling pagkabuhay. Ito ay ang iyong tagumpay sa kasamaan at sa kamatayan. Kapayapaan ang dala ng iyong pagkabuhay, isang kapayapaan na kakaiba sa kapayapaan na bigay ng mundo. Ito ay kapayapaan na hindi dala ng dahas, ngunit naghahatid ng pagmamahal, pagmamalasakit at pagpapatawad. Ipagkaloob po Ninyo ang inyong kapayapaan sa aming bansa. Magkaroon nawa ng tunay na pagkakasundo at pag-uusap na pangkapayapaan sa pagitan ng pamahalaan at ng mga armadong grupo. Iligtas mo rin kami sa mga terorista. Baguhin mo ang kaisipan ng lahat tungo sa pakikipagkasundo at pagpapatawad.

**NAMUMUNO :** Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo Amen.

**LAHAT :** Kapara noong unang-una, ngayon at magpakailanman, Amen...*(awit habang lumalakad)*

## PANGWAKAS NA PANALANGIN

**NAMUMUNO :** Panginoong Hesus, hindi masusukat ang hirap na tiniis mo sa daan patungo sa kalbaryo. Sa tulong at awa mo, nawa'y maging karapat-dapat kami sa kaligtasang bunga ng iyong muling pagkabuhay, na nakamit mo sa pag-papakasakit at pagkamatay sa krus. Gabayan nawa kami ng iyong Espiritu at patatagin kami sa pagharap sa mga pag-subok upang sa tuwina'y ang kalooban mo ang maghari sa aming buhay. Nawa ay mapanindigan namin ang lahat ng usapin tungkol sa pangangalaga ng buhay na siyang unang kaloob mo sa aming lahat. Bigyan mo kami ng awa sa mga kapatid naming nahihirapan ngayon dala ng kasamaan at pagsasamantala. Nawa matulungan namin sila sa patuloy nilang pagbubuhat ng krus sa buhay. Amen

*Sa ngalan ng Ama at ng Anak*
*at ng Espiritu Santo. Amen.*


SANGGUNIANG LAIKO NG PILIPINAS
COUNCIL OF THE LAITY
OF THE PHILIPPINES
kapanalig
Veritas846
RADYO TOTOO